

# **Pinsalang sanhi ng pagdiin sa pinsala sa gulugod: pinagkasunduang pahayag**

---

NOBYEMBRE 2021



**He Kaupare. He Manaaki.  
He Whakaora.**  
prevention.care.recovery.

---

Nagpapasalamat kami sa sumusunod na mga organisasyon dahil sa pagpapatibay nila sa pinagkasunduang pahayag sa pressure injury sa pinsala sa gulugod:

**Burwood  
Spinal Unit**



**Auckland Spinal Rehabilitation Unit**



**Home & Community Health  
Association**



---

## Mga nilalaman

Mga pagkilala	2
Te Tiriti o Waitangi	2
Pagiging pantay-pantay	2
Pinsala sa gulugod	2
Mga pangunahing mensahe	3
Paano at bakit binuo ang pahayag na ito	4
Epekto ng mga pinsalang sanhi ng pagdiin	5
Spinal cord injury (SCI) (Pinsala sa gulugod) at pressure injuries (mga pinsalang sanhi ng pagdiin)	6
Mga prinsipyo para sa paghadlang, pagtukoy, paggamot, at pamamahala ng mga pressure injury sa SCI	7
Pagtatrabaho bilang bahagi ng isang pangkat na may iba't ibang propesyonal na kadalubhasaan (multi-disciplinary team)	8
Inirekomendang pamamaraan sa mga pressure injury sa SCI	9
1. Pagtasa ng panganib	10
2. Paghadlang	11
3. Pagtukoy	12
4. Paggamot	13
5. Muling pagkilos/rehabilitasyon	14
Talasalitaan	15
Mga sanggunian	16
Mga mapagkukunang pinagbatayan ng pinagkasunduang pahayag	16
Appendix 1   Mga miyembro ng Lupong Dalubhasa	17

---

---

## Mga pagkilala

Salamat sa mga tao na buong-kaloobang nagbahagi ng kanilang mga naranasang pananaw ng mga pressure injury sa pinsala sa gulugod.

## Te Tiriti ō Waitangi

Ang Te Tiriti ō Waitangi (te Tiriti) ay isang pantatag na dokumento ng pamahalaan sa Aotearoa New Zealand at nagtatag ng bansa bilang isang nasyon. Nilalayan naming suportahan ang Crown sa mga relasyon nito sa Tiriti at maghatid ng mga serbisyo sa mga paraan na magbibigay ng mga kalalabasang pantay-pantay para sa Māori.

Ang balangkas ng te Tiriti ng Ministri ng Kalusugan [1] ay nagbibigay ng patnubay para sa mga praktisyoner ng kalusugan upang ipakita ang paglalapat ng mga prinsipyo ng te Tiriti sa gawaing klinikal. Ang paglalapat ng mga prinsipyo sa paghahatid ng serbisyo ay nagbibigay-daan sa Māori na magpahayag ng kanilang mana, matiyak na tumatanggap sila ng kalusugang pangangalaga na mataas ang kalidad at ligtas sa kultura, at susuporta sa mga praktisyoner ng kalusugan na makipagtulungan nang epektibo at may paggalang sa lahat ng Māori.

Sa buong pagkakahanay ng mga kapaligiran sa pangangalaga, kami ay nakatuong lumikha ng pangkalusugang serbisyo na magkakaugnay at mataas ang kalidad na madaling makukuha ng Māori, at lahat ng mga taong may mga spinal cord injury (SCI).

## Pagiging pantay-pantay

Sa Aotearoa New Zealand, ang iba't ibang grupo ng mga tao, kabilang ang Māori at Pasifika, ay may iba't ibang pangangailangan sa kalusugan.

Kinikilala ng pagiging pantay-pantay ang pangangailangang gumamit ng mas epektibong mga pamamaraan at mapagkukunan upang solusyunan ang iba't ibang antas ng pag-access sa may kalidad na pangangalaga sa kalusugan na umaambag sa dimabuting mga kalalabasan para sa iba't ibang grupo ng mga tao.

Mahalaga ang pagbabawas ng hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan na sanhi ng mga dahilang panlipunan, pangkultura, pang-ekonomiya, at pang-heyograpiko. Kailangan nito ng pamamaraang masaklaw at makolaborasyon na kasasangkutan ng mga istrategiya sa loob ng sistema ng kalusugan at kapansanan at sa kabuuan ng mas malawak na mga sektor na ito.

## Spinal cord injury (pinsala sa gulugod)

Para sa layunin ng dokumentong ito, kabilang sa spinal cord injury kung saan ang sanhi ay dahilan sa pinsala o troma sa gulugod (halimbawa, kaugnay sa pinsala na kundisyon), o kung saan ang sanhi ay hindi dahil sa troma (halimbawa, kaugnay sa medikal na kundisyon).

---

## Mga pangunahing mensahe

---



Sa pagbibigay-bisa sa Te Tiriti ō Waitangi, mahalagang harapin ang hindi pagkakapantay-pantay, pabutihin ang mga kalalabasang pangkalusugan at matugunan ang mga pangangailangan at mithiin ng Māori.



Kinikilala ng pagiging pantay-pantay ang pangangailangang gumamit ng mas epektibong mga pamamaraan at mapagkukunan upang solusyunan ang iba't ibang antas ng pag-access sa may kalidad na pangangalaga sa kalusugan na umaambag sa di-mabuting mga kalalabasan para sa iba't ibang grupo ng mga tao.



Ang paghadlang sa mga pressure injury sa mga taong may SCI ay mahalaga upang maiwasan ang pangmatagalang negatibong epekto sa kalusugan, kagalingan at kalidad ng buhay ng tao.



Ang mga taong may SCI ay mas malamang na magkaroon ng mga pressure injury kaysa sa mga taong walang SCI, at dahilan sa uri ng kanilang pinsala, kailangan nila ng ekspertong suporta at paggamot.



Mahalaga ang edukasyon at suporta para sa mga taong may SCI, sa kanilang mga tagapag-alaga, at whānau sa paghadlang sa mga pressure injury sa populasyong ito.



Isang hanay ng mga propesyonal ng kalusugan at mga tagapag-alagang pangkomunidad ay maaaring masangkot sa pangangalaga ng mga taong may SCI, kaya mahalagang tiyakin na may isang karaniwan at di-pabagubagong pag-unawa kung paano dapat hadlangan, tukuyin, gamutin at pamahalaan ang mga pressure injury sa Aotearoa New Zealand.



May makukuhang malawak na iba't ibang mga mapagkukunan, tool (kagamitan), at payo, sa loob ng Aotearoa New Zealand at sa buong mundo; ang pahayag na ito ay naglalayong tukuyin ang pinakamahasag na gawi para sa mga taong may SCI.



Ang mga lokal na landasin at mga patnubay sa pinakamahasag na gawi para sa paghadlang at pamamahala ng mga pressure injury ay umiiral sa buong Aotearoa New Zealand, at dapat konsultahin kasama ng impormasyong nasa pahayag na ito.

---

## Paano at bakit binuo ang pahayag na ito

Ang pahayag na ito ay binuo ng multi-disciplinary team ng mga tao na may SCI na naninirahan sa komunidad, mga tagapag-alaga, whānau, at mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan (ang 'Lupong Dalubhasa') na nakalista sa appendix 1. Ito ay binuo na kinikilala na ang isang pamamaraang di-pabagu-bago ay kailangan para sa mga pressure injury sa mga taong may SCI sa buong Aotearoa New Zealand, at ang bukod-tanging mga katangian ng komunidad na ito, na lumilikha ng mga partikular na panganib sa mga pressure injury.

Ang pahayag ay bahagi ng trabaho ng Accident Compensation Corporation's (ACC) upang mahadlangan ang mga pressure injury sa mga taong may pinakamataas na panganib. Ang ACC, ang Ministri ng Kalusugan at Komisyon ng Kalidad ng Kalusugan at Kaligtasan New Zealand ay nagtutulungan kasama ang iba pang mga katuwang sa sektor ng kalusugan at kapansanan tungkol sa pambansa at lokal na mga inisyatiba sa pagpapabuti upang mahadlangan ang mga pressure injury.

Ito ay hindi isang kumpletong buod ng pinakamahusay na gawi sa lahat ng bahagi ng paghadlang at paggamot sa pressure injury. Dapat itong basahin kasabay ng mga mapagkukunan na nagbibigay ng praktikal na gabay sa pamamahala ng mga pressure injury para sa mga may SCI, at talakayin ito sa taong may SCI.

Pinagbatayan ng pahayag ang ebidensya, at dumadagdag sa mga internasyonal na patnubay na batay sa ebidensya at mga ulat ng pamahalaan tungkol sa paghadlang at pamamahala ang pressure injury para sa mga taong may SCI, kabilang ng patnubay na binuo sa ibang bansa gaya ng Canada [2] at New South Wales, Australia [3].

Ang pahayag ay maaaring gamitin kaagapay ng mga lokal na landasin at dapat basahin kaugnay sa Mga Gabay na Prinsipyo para sa Paghadlang at Pamamahala ng Pressure Injury sa New Zealand (Guiding Principles for Pressure Injury Prevention and Management in New Zealand) isang dokumentong inilathala ng ACC noong Mayo 2017.

**PINAGKASUNDUANG PAHAYAG NA PINAGTIBAY NG LUPONG DALUBHASA: SETYEMBRE 2021**

**PETSA NG PAGREBYU: SETYEMBRE 2026**



---

## Epekto ng mga pressure injury

Ang mga pressure injury (kilala rin bilang ‘pressure ulcers’ o ‘bedsores’) ay may malaking epekto sa kalusugan at kagalingan ng mga indibidwal. Ang mga ito ay maaaring magsanhi ng malubhang kasunod na mga kumplikasyon, (lumaking) kapansanan, pagpapaospital at, sa ilang mga kaso, pati na ang pagkamatay.

Higit pa sa mga epekto sa pisikal na kalusugan, ang mga pressure injury ay may potensyal na mga epekto sa kalusugang pangkaisipan at sa paglahok ng isang taong may SCI. Kabilang sa mga epektong ito ang pagtatrabaho, pinansyal na katatagan, at kalayaang maglakbay, pati na rin ang kagalingan ng kanyang kaisipan. Ang tao, ang kanyang whānau at iba pang mga umaasa (dependents) ay maaaring maapektuhan nang malaki. Ang paghadlang at matagumpay na pamamahala ng mga pressure injury ay magpapabuti sa kalidad ng buhay at mahahadlangan ang pagpapaospital.

Karamihan sa mga kaso ng pressure injury ay mahahadlangan – at ang paghadlang sa mga pressure injury o sa karagdagang paglala ng mga ito ay prayoridad, at patuloy na magiging mataas na prayoridad para sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Aotearoa New Zealand.

May malaking panganib na maulit ang mga pressure injury, kaya ang maagang paghadlang ay magkakaroon ng malaking epekto sa buong buhay ng isang indibidwal na maaaring makaranas ng paulit-ulit na mga pressure injury.

**“Kapag napunta ako sa bedrest (pagpirmi sa kama bilang paggamot). mababago ang aking plano sa pangangalaga, darami ang suporta. Ang tungkulin ko sa loob ng pamilya ay magbabago mula sa pagiging tagagawa (Dad ang taksi) tungo sa pagiging isang umaasa. Lalala ang aking kalusugang pangkaisipan. Darami ang bilang ng mga taong kailangang masangkot, pag-aasikaso ng mga appointment, ang gagastusin ng aking pamilya, at tataas ang gagastusing pera na mula sa buwis para sa kalusugan.”**

BOB | C5/6 lubos na tetraplegic

---

## Spinal cord injury (pinsala sa gulugod) at mga pressure injury

Sa New Zealand, may mahigit 200 bagong mga SCI taun-taon: average na 4 kada linggo [4]. Natuklasan ng pagsisiyasat noong 2020 na ang mga insidente ng ma-tromang SCI sa Aotearoa New Zealand ay dumarami lalo na sa mga matatanda, Māori at Pasifika [5].

Ang pagkakaroon ng mga pressure injury sa mga taong may SCI ay iba-iba depende sa etnisidad. Sa alinmang taon, ang Māori na may SCI ay may isa sa apat na tsansang magkaroon ng pressure injury, kumpara sa kulang sa isa sa limang tsansa para sa ibang mga etnisidad.

Partikular na pagtuon ang kailangan upang mahadlangan at magamot ang mga pressure injury sa loob ng komunidad ng SCI, dahil may ilang mga salik na nagpapalaki ng posibilidad ng pagkakaroon ng pressure injury.

Ang taong may SCI ay maaaring hindi makaramdam ng sakit sa bahagi kung saan nabubuo ang pressure injury, kaya maaaring mabilis na lumala ang injury sa loob ng ilang oras bago ito mapansin. Maaaring hindi nila masuri ang kanilang balat o maiba nang madali ang kanilang posisyon upang maibsan ang pressure. Ang mga taong may SCI ay malamang na umasa sa ibang tao para tingnan ito. Gayunpaman, ang mga visual na palatandaan ng pressure injury ay maaaring hindi lumitaw kaagad, at mas mahirap makita ito sa mas maitim na balat, kaya sa oras na maaari nang makita ito, maaaring mahirap nang bawasan ang epekto.

Ang mga pressure injury ay kadalasang ginagamot ng mga propesyonal ng pangangalagang kalusugan na hindi dalubhasa sa mga pressure injury o SCI, at ng whānau na may iba't ibang kaalaman sa maagang pagtukoy at paggamot. Ang kakulangan ng partikular na kaalaman ay maaaring makaantala sa epektibong pamamahala ng pressure injury, na maaaring magkaroon ng malaking epekto sa pangmatagalang mga kalalabasan sa kalusugan.

Ang pagtukoy ng pressure injury sa isang taong may SCI at ang maagang pagpapatupad ng isang plano ng pamamahala ay mapanghamon ngunit mahalaga para sa epektibong paggamot na may kaunting mga epekto sa buhay ng tao.

**“Ang maagang pagtuklas, maagang interbensyon ay nagpanatiling kaunti ng aking mga karanasan mula sa pagkatuklas hanggang sa makabangong muli, gayunpaman, ang epekto ng anumang pressure injury sa isang taong may SCI ay mas higit pa kaysa sa medikal na paggaling.”**

BOB | C5/6 lubos na tetraplegic





---

## Mga prinsipyo para sa paghadlang, pagtukoy, paggamot, at pamamahala ng mga pressure injury sa SCI

Ang sumusunod na mga prinsipyo ay bumubuo sa panimulang pamamaraan sa pagtalakay sa mga pressure injury para sa mga taong may SCI. Dapat ilapat ang mga ito sa lahat ng yugto ng pangangalaga at paggamot.

---

### ADBOKASYA

Ang tao ay ipinasok sa centre, na ang lahat sa kanyang pangkat ng pangangalagang pangkalusugan ay nagtataguyod sa pinakamahusay na pangangalaga at paggamot para sa tao bilang isang indibidwal.

### PANG-INDIBIDWAL NA PAMAMARAAN

Bagama't kinikilala ang mga pamamaraan ng pinakamahusay na gawi, bawat tao ay tinatrato nang may paggalang ayon sa kanilang partikular na sirkumstansya, kultura, kasaysayan, dating karanasan sa mga pressure injury, mga pangangailangan, at ang mga pangangailangan ng kanyang whānau.

### PAKIKIPAGTUWANG

Ang paghadlang at paggamot ay isinasagawa nang may pakikipagtuwang sa, at paglahok, ng tao, ng kanyang whānau, at sa pamamaraang multi-disciplinary sa kabuuan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga tagapondo.

### ANGKOP AT TUNAY NA PAYO

Ibinabagay ang payo sa partikular na mga sirkumstansya ng tao, na may binuong mga alternatibo at opsyon kung kailangan.

### PAGIGING NASA ORAS

Ang mga panganib at alalahanin ay maagang natukoy at mabilis na naaksyunan.

### PAGPAPATULOY NG PANGANGALAGA

Ang pag-handover sa isa't isa ng mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan ay sinasadya at matatag, na may nakatalagang malinaw na pananagutan. Mahalaga ito sa paghadlang, pagtuklas, at pamamahala ng mga pressure injury.

**“Wala kang magagawang kahit ano kung wala ang whānau. Sila ang iyong nagiging mga kamay, binti, sila ang nagiging pinakamatatag mong suporta.”**

KINA | C5/6 lubos na tetraplegic



---

## Pagtatrabaho bilang bahagi ng isang pangkat na may iba't ibang propesyonal na kadalubhasaan (multi-disciplinary team)

Mahalagang panatilihin up to date ang lahat ng mga miyembro ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan ng tao, at malinaw sa kanila kung sino ang namumuno sa pangangalaga sa oras na iyon. Sa ilang mga kaso, ang tao mismo ang mangunguna.

Mga rekomendasyon ng mahusay na gawi:

- Sa lahat ng oras, makipagtulungan sa katuwang na tao, kanyang whānau at tagapag-alaga.
- Idokumento ang iyong pagtasa at paggamot nang palagian at masaklaw.
- Tiyaking ang ibang mga miyembro ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan ay naabisuhan ng progreso, mga panganib, at mga isyu. Maaaring naaangkop ang pagsangguni sa ibang mga serbisyong espesyalista.
- Tiyakin ang malinaw na pag-handover sa ibang miyembro ng pangkat ng pangangalagang pangkalusugan, at gawing malinaw sa tao kung sino ang responsable sa kanyang pangangalaga sa lahat ng mga yugto ng paggamot.
- Panatilihin ang pag-abiso sa ACC, kung naaangkop ([acc.co.nz/contact](http://acc.co.nz/contact)).



---

## **Inirekomendang pamamaraan para sa mga pressure injury sa SCI**

Ang sumusunod na seksyon ay naghaharap, sa isang mataas na antas, ng pagkakaisa ng paniniwala (consensus) tungkol sa pinakamahusay na gawi para sa paghadlang, paggamot, at pamamahala ng mga pressure injury sa mga taong may SCI. Ang pinagkasunduang pahayag na ito ay binuo ng Lupong Dalubhasa, pinagbatayan ang mga mapagkukunan na nakalista sa katapusan ng dokumentong ito.



**PAGTASA NG PANGANIB**



**PAGHADLANG**



**PAGTUKOY**



**PAGGAMOT**



**MULING PAGKILOS/  
REHABILITASYON**

---

# 1. Pagtasa ng panganib



---

Para sa isang taong may SCI, sundin ang mga hakbang na ito upang matasa ang kanilang panganib na magkaroon ng pressure injury:

- a** Magsagawa ng pangunang mabilis na pagsusuri ng pangunahing mga salik sa panganib ng pressure injury sa lalong madaling panahon, upang matukoy ang antas ng panganib para sa tao, at idokumento ito.
- b** Magsagawa ng masaklaw na pagtasa sa panganib ng pressure injury para sa mga taong itinuturing na nasa malaking panganib, at idokumento ang mga alalahanin. Ang SSKIN framework na itinakda sa ilalim ng seksyong Paghadlang sa ibaba ay maaaring gamitin upang gabayan ang pagtasa, at maaaring gamitin ang mga tools gaya ng Waterlow, Braden Scale o PURPOSE T.
- c** Bumuo at magpatupad ng planong panghadlang na base sa panganib, na ginawang pang-indibidwal para sa tao.
- d** Ulitin nang regular ang pagtasa, hindi kukulangin sa tuwing anim na buwan o mas madalas depende sa mga sirkumstansya at antas ng panganib para sa tao. Iakma ang planong panghadlang kung kailangan.
- e** Kung ang tao o ang kanyang whānau ay magsasabi ng alalahanin kaugnay sa pressure, kung gayon, mahalagang magsagawa ng pagtasa ng panganib upang harapin ang mga alalahaning ito. Ang pagtasa sa panganib na ito ay makakatulong upang malaman kung ang anumang karagdagang mga pagbabago ay kailangang ipatupad o kung sapat ang kasalukuyang mga interbensyon.
- f** Isaalang-alang ang edad ng tao at ang mga taon na mayroon siyang SCI. Sa pagtanda ng mga tao, nababawasan ang masa ng kalamnan at katigasan ng balat. Nagreresulta ito sa mas kaunting padding sa pagitan ng mga buto at iba pang mga ibabaw. Para sa mga taong may SCI, nangyayari ang ilan sa mga pagbabagong ito nang maaga makaraan ang SCI, anuman ang edad, at nagpapatuloy habang may SCI ang tao, na naglalagay sa kanila sa mas malaking panganib ng pressure injury. Nangyayari ito dahil sa pagkawala ng bulto ng kalamnan, kawalan ng pakiramdam, mga pagbabago sa tindig at nabawasang pagkilos.
- g** Pag-isipan ang bagong pagtasa ng panganib kapag may mga pagbabago sa personal na mga sirkumstansya at mga kaayusan sa paninirahan. Halimbawa, mga pagbabago sa ligtas na plano sa pagkilos at paghawak, o pagbabago sa kalusugan at kagalingan.

---

## 2. Paghadlang



- a** Tiyaking alam ng tao, ng kanyang mga tagapag-alaga at whānau kung ano ang dapat nilang bantayan:
- i Magbigay ng impormasyon/edukasyon tungkol sa mga pressure injury at talakayin sa tao kung paano siya masusuportahan sa sariling-pamamahala niya ng panganib ng pressure injury.
  - ii Tiyaking ang mga tagapag-alaga ay sapat na sinanay at nauunawaan ang mga madaling makitang mga palatandaan ng maagang pagbuo ng pressure injury.
- b** Bumuo ng plano kasama ang tao, ang kanyang mga tagapag-alaga at whānau para sa pagpapatupad, upang mapamahalaan ang panganib. Gamitin ang SSKIN framework upang matiyak na lahat ng mga aspeto ay nasaklawan:
- i **Pangsuportang mga ibabaw.** Gamitin sa napapanahong paraan, ang pangsuportang mga ibabaw at kagamitan na makakabawas sa panganib ng mga pressure injury at angkop sa mga pangangailangan ng indibidwal; bawasan ang pagbuo ng mga pressure injury dahil sa kagamitan; tiyaking ang kagamitan ay regular na sinusuri para sa pagka-posisyon nito, lalo na matapos muling i-posisyon ang tao.
  - ii **Pagtasa sa balat.** Magsagawa ng nakagawiang mga pagsusuring visual sa lahat ng bahagi ng balat na walang normal na pakiramdam nang mga dalawang beses isang araw, at sa anumang oras kung may alalahanin; magsagawa ng angkop na rehimen sa kalinisan ng balat.
  - iii **Patuloy na kumilos.** Magpatupad ng rehimen ng muling pag-posisyon at pagkilos.
  - iv **Kawalan ng kontrol sa pag-ihing pagtae at pagkakaroon ng pagka-mamasa-masa (Incontinence and moisture).** Magpatupad ng epektibong rehimen ng pamamahala sa bituka at pantog; gumamit ng pananamit at mga panapal (dressings) na magbabawas sa panganib ng mga pressure injury.
  - v **Nutrisyon.** Magplano ng isang malusog na diyeta kabilang ang mga likido at pangangalaga sa bunganga; isaalang-alang ang diyetang mataas sa protina at mga bitamina; sumangguni sa isang dietitian para matasa kung kailangan.
- Kung kailangan, sumangguni sa isang angkop na propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan upang harapin ang alinman sa mga isyu na nasa itaas.

**“Tuwing alam ko na may isang bagay (isang pressure injury) na nagsisimula, bumabangon ako at hindi ako nahihigang muli. Hinding-hindi ko na gustong gumugol ulit ng ganoong tagal ng panahon sa bed rest. Mas gusto ko ang isa o dalawang araw, o kahit na isang linggo, kaysa gumugol ng mga buwan sa bedrest na marami akong napapalampas sa mundo.”**

---

## 3. Pagtukoy



Bagama't ginagawa ng mga indibidwal, ng kanilang whānau, tagapag-alaga at mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan ang lahat ng posibleng mga aksyong panghadlang upang mabawasan ang panganib na magkaroon ng pressure injury, maaari pa ring mangyari ang mga injury. Ito ay lalo na sa kaso ng SCI dahilan sa uri ng kondisyon.

Mahalaga na ang kalalaan ng pressure injury ay angkop na matukoy gamit ang kinikilalang mga yugto ng injury. Sinusuportahan nito ang epektibo at wastong paggamot ng injury, pati na rin ang pakikipagtalakayan sa tao, sa kanyang whānau at mga tagapag-alaga. Ang internasyonal na National Pressure Ulcer Advisory Panel (NPUAP)/European Pressure Ulcer Advisory Panel (EPUAP) pressure injury classification system (2009)[6] ang inirerekomendang sistema para sa pag-uuri-uri ng mga pressure injury, kahit na ito ay maaaring maging mapanghamon sa mga taong may SCI dahil maaaring walang pananakit –isang pangunahing pantukoy. Ang mga mapagkukunan na makakatulong sa pag-uuri-uri ng pressure injury sa iba't ibang kulay ng balat ay binuo ng Pan Pacific Pressure Injury Alliance (2020) [7]. Mahalaga ang madalas na pagtasa at maagang pagtukoy ng mga pressure injury.

Ang pagtukoy ay dapat kabilangan ng masaklaw na pagtasa ng balat at tissue (himaymay), kabilang ang:


- a Kaibahan ng blanchable sa non-blanchable erythema,
- b Pagtasa ng temperatura ng balat at malambot na tissue,
- c Pagtasa ng manas (oedema), karaniwan sa pagtingin, sa pamamagitan ng pagsukat, at paghipo. Kung mayroon, gumamit ng sub-epidermal moisture (SEM) scanner (halimbawa, kapag ginagawang mahirap ang visual na pagtukoy dahil sa kulay ng balat), at
- d Pagtasa ng kondisyon ng tissue, halimbawa, kung ito ay tumigas.

**“Natanto ko ngayon kung gaano kahalaga na manatiling alerto sa ginagawa ng aking balat, sa ganoong paraan hinding-hindi ko na mapapalampas ang mga mahalagang bagay sa aking buhay katulad ng mga bertdey, kasalan at kaganapang pampaaralan. Ang palampasin ang mga mahalagang sandali dahil sa isang bagay na posibleng maiwasan ang pinakamahirap.”**

josh | C6 hindi lubos na tetraplegic

---

## 4. Paggamot



Kung ang isang taong may SCI ay magkakaroon ng pressure injury, mahalaga na angkop at mabilis itong gamutin, at ng isang espesyalista hangga't maaari. Kung ang pressure ay hindi maibsan, ang pressure injury ay maaaring lumala nang lumala mula sa isang yugto hanggang sa susunod sa loob ng ilang oras. Dapat kontakin ang doktor (GP) ng tao sa unang pagkakataon. Kung malala ang pressure injury, at hindi natasa ng GP ang injury, sa klinika man ng GP o sa pagbisita sa bahay, dapat siyang isangguni sa isang angkop na sinanay na propesyonal ng kalusugan na nasa komunidad. Maaaring kailanganin ang karagdagang pagsangguni sa pangangalaga ng espesyalista, sa oras na iyon ay dapat abisuhan ang angkop na Spinal Unit Outpatient Service. Kung maoospital, tiyaking may makukuhang akma sa layunin na espesyalistang kagamitan para sa pagpapaginhawa ng pressure.

Kontakin ang inyong Spinal Unit Outpatient Service kung kailangan mo ng suporta at sumangguni sa SSKIN framework na itinakda sa ilalim ng seksyong Paghadlang sa itaas.

Paggamot na dapat isaalang-alang:

- a** Tasahin ang sugat upang malaman ang yugto ng pressure injury, malinaw na idokumento ang pinagbasehan ng iyong pagtasa – halimbawa, sa pamamagitan ng larawan o transparency tracing.
- b** Magsagawa ng agarang paggamot, humingi ng opinyon ng espesyalista kung hindi malinaw ang aksyong gagawin. Ang paggamot ay nasa dalawang kategorya:
  - i** Pangangala ng hindi ooperahang lokal na sugat, gaya ng paglalagay sa balat ng mga solusyon, ointment, krema at panapal, o mga lokal na pamamaraan ng debridement (medikal na pagtatanggal ng tissue na patay, sira o impektado), o ng negative pressure wound therapy.
  - ii** Ang pag-opera, gaya ng sharp debridement (maaaring sundan ng negative pressure wound therapy), direktang pagsasara ng sugat, mga skin graft, at reconstructive flap.

- c** Tasahin kung kailangan ng tao ng karagdagang suporta, halimbawa, isang tagapag-alaga, karagdagang oras ng pagsuporta, at kagamitan. Sa ilang mga kaso, ang kapaligiran sa tahanan ay maaaring hindi makapagbigay ng sapat na suporta at ang alternatibong mga antas ng pangangalaga gaya ng sa care home o ospital ay dapat pag-isipan sa pansamantalang panahon. Dapat abisuhan ang Spinal Unit kung ang isang tao ay naospital para sa pansamantalang pangangalaga. Talakayin sa tagapondo ang nabagong antas ng pangangalaga kung may umiiral na suporta; kung wala, maaaring isangguni ng GP ang tao para sa karagdagang suporta.

- d** Tasahin ang rehimen ng pamamahala sa bituka at pantog ng tao, at talakayin ang mga pagbabago, kung kailangan, upang maiwasan ang kawalan ng pagkontrol sa pag-ihi o pagtae, at kontaminasyon ng sugat.

- e** Magplano upang lubos na mag-off-load ang pressure/pag-shear sa sugat. Maaaring mangailangan ito ng routine na base sa kama.

- f** Tasahin ang katayuan sa nutrisyon ng tao at isangguni sa pagtasa ng dietitian kung kailangan.

- g** Subaybayan, sukatin, pamahalaan, at tasahing muli ang sugat linggo-linggo upang matiyak na gumagaling ito. Kung may ebidensya na ang pressure injury ay lumalala, talakayin ito sa tao, iakma kaagad ang plano sa paggamot, at sumangguni kung kailangan. Abisuhan ang kanyang GP, ACC at ang Spinal Unit Outpatient Service sa inyong rehiyon kung naaangkop. Mahalaga ang maagang pagsangguni. Kung hindi lubos na gumaling sa loob ng isang buwan, kontakin ang Spinal Unit Outpatient Service sa inyong rehiyon.

---

## 5. Muling pagkilos/rehabilitasyon



- a** Bumuo ng isang masaklaw na plano para sa rehabilitasyon makaraan ang panahon ng bedrest, gaya ng sunud-sunod na mga pagkilos sa pag-upo kapag gumaling na ang sugat, at upang harapin ang iba pang mga isyu kaugnay sa SCI. Kontakin ang Spinal Unit Outpatient Service sa inyong rehiyon para sa karagdagang patnubay/payo tungkol sa pamamahala ng rehabilitasyon ng isang tao sa panahon at makaraan ang paggaling ng pressure injury.
- b** Ang bagong kagagaling pa lamang na tissue ng sugat ay mahina laban sa pag-ulit ng pressure injury. Ang programa ng muling pagkilos/rehabilitasyon, nilikha na may tulong mula sa multi-disciplinary team, ay kailangan upang mabawasan ang panganib na ito. Ito ay maaaring makuha sa loob ng komunidad, o sa ilang mga kaso, ang tao ay maaaring makinabang sa pagsangguni para maipasok sa isang Spinal Unit matapos gumaling ang pressure injury, para sa muling pagkilos/rehabilitasyon.
- c** Balikan ang patnubay tungkol sa pagtasa ng panganib, paghadlang, at pagtukoy (tingnan sa itaas), dahil habambuhay na kailangan ang mga ito para sa mga taong may SCI upang bawasan ang panganib ng pagkakaroon ng nakakapanghina o nakakamatay na mga pressure injury sa buong buhay nila.
- d** Mahalaga ang pangmatagalang pamamahala, dahil ang integridad ng balat ay nagbabago hindi lang pagkatapos mangyari ang pressure injury, kundi dahil din sa pagtanda at iba pang mga salik sa uri ng pamumuhay. Kailangan ang dagdag na pagbabantay, na may madalas na mga pagtasa at pagsasaalang-alang ng bagong teknolohiya at kagamitan na maaaring makatulong upang hadlangan ang karagdagang mga pressure injury. Ang anumang mga pagbabago ng sirkumstansya, halimbawa, isang bagong pressure injury, ay mangangailangan ulit ng kumpletong pagtasa.

**“Mula sa pananaw ng isang kliyente, anumang bahagi ng pressure ay isang kaganapang nakakapagbago ng buhay. Sa nakaraang 35 taon na ako ay naka-wheelchair, na may patuloy na maingat na pagsubaybay sa balat, nakaranas ako ng maraming pressure injury. Ang mga ito ay tumagal nang mga oras, hanggang sa mga linggo bago gumaling. Ang mga sanhi ay masisikip na mga sapatos, naupuan ang seatbelt sa eroplano, di-paggana ng kutson, pagkaospital sa ward na hindi para sa gulugod, pagkaipit ng mga tuhod sa ilalim ng mesa, pagbabago sa katawan na scoliosis na nagsasanhi ng mga pressure points sa wheelchair, maliit na pilas sa balat dahil sa pressure [na nangangahulugang] hindi ito gagaling.”**

BOB | C6 hindi lubos na tetraplegic



---

## Talasalitaan

**Blanchable erythema:** Isang bahagi ng namumulang balat na sandaling nagiging puti o maputla kapag ang balat ay diniinan nang bahagya at namumula kapag inalis ang pagkadiin. Sa ibabaw ng lugar na may pressure, ito ay dahil sa isang normal na hyperemic response.

**Debridement:** Ang pagtanggap ng sirang (wala nang sagsay) tissue mula o sa tabi ng sugat. Tinatanggal ng proseso ang mga tagasang bahagi ng sugat, inalis ang mga grupo ng bakteryang, at pinapahintulatang magkaroon ng isang kapaligirang nagpapasigla.[8]

**Erythema:** Pamumula ng balat dahil sa paglaki ng mga daluyan ng dugo.[8]

**Induration:** Matigas na tekstura dahil sa kawalan ng calcification o pagbuo ng buto.[8]

**Negative pressure wound therapy:** Isang paraan ng paggamot sa sugat na nagtataguyod ng paggaling sa pamamagitan ng pagtatanggal ng third space oedema, kaya huhusay ang paghahatid ng nutrient at oxygen; pagtatanggal ng mga tagas ng sugat, na maaring pamugaran ng mga grupo ng bakteryang; pagkakaroon ng langib; pagkakaroon ng angiogenesis (bagong mga daluyan ng dugo); at pagtatanggal ng mga salik ng pampigil sa sugat.[8]

**Non-blanchable erythema:** Pamumula ng balat na nagpapatuloy makaraan ang pagdiin, karaniwan sa ibabaw ng mga buto na walang masyadong tissue. Palatandaan ito ng Kategoriya/Yugto I ng pressure injury. Maaaring walang makitang blanching sa maitim na balat.

**Oedema:** Pamamagang sanhi ng labis na likidong naiipon sa mga cavity o tissue ng katawan.

**Shear (shear stress):** Ang puwersa kada unit area na ginagamit na parallel sa perpendicular plane na pinagkaka-interes. [8]

**Spinal Unit Outpatient Service:** Mga serbisyong nakabase sa Auckland at Christchurch na sumusuporta sa mga tao sa buong Aotearoa New Zealand na naapektuhan ng kapansanan sa gulugod.

Ang **Auckland Spinal Rehabilitation Unit** (Tel: 09 270 9000; <https://www.countiesmanukau.health.nz/our-services/a-z/auckland-spinal-rehabilitation-unit/>) ay nagbibigay ng suporta para sa mga taong nasa itaas na kalahati ng North Island.

**Burwood Spinal Unit** (Tel: 03 383 6850; [www.cdhb.health.nz/bsu](http://www.cdhb.health.nz/bsu)) ay sumusuporta sa mga taong may SCI na nakatira sa buong South Island at sa ibabang kalahati ng North Island (Taranaki hanggang Hawkes Bay at sa ibaba).

---

## Mga sanggunian

1. Ministri ng Kalusugan (2020). Te Tiriti o Waitangi Framework. Wellington. Na-access noong ika- 24 ng Agosto 2021 sa Te Tiriti o Waitangi | Ministry of Health NZ
2. Houghton, P., Campbell, K., & Panel, C. (2013). Mga patnubay sa pinakamahusay na gawi sa Canada para sa paghadlang at pamamahala ng mga pressure ulcer sa mga taong may spinal cord injury. Mapagkukunang handbook para sa mga clinician. Kinuhang muli sa [https://onf.org/wp-content/uploads/2019/04/Pressure\\_Ulcers\\_Best\\_Practice\\_Guideline\\_Final\\_web4.pdf](https://onf.org/wp-content/uploads/2019/04/Pressure_Ulcers_Best_Practice_Guideline_Final_web4.pdf):
3. NSW Agency for Clinical Innovation. (2014) (Ahensya ng NSW para sa Klinikal na Inobasyon. (2014). State Spinal Cord Injury Service Model ng pangangalaga para sa paghadlang at integradong pamamahala ng mga pressure injury sa mga taong may spinal cord injury at spina bifida. Kinuhang muli sa [https://www.aci.health.nsw.gov.au/\\_data/assets/pdf\\_file/0005/214925/Spinal-Cord-Injury-Spina-Bifida-Model-of-Care.pdf#page=38](https://www.aci.health.nsw.gov.au/_data/assets/pdf_file/0005/214925/Spinal-Cord-Injury-Spina-Bifida-Model-of-Care.pdf#page=38)
4. New Zealand Spinal Trust. (2018). Kasalukuyang NZSCIR na Mga Estadistika at Impormasyon na Kinuhang muli sa <https://www.nzspinaltrust.org.nz/i-need-information/new-zealand-spinal-cord-injury-registry-nzscir/nzscir-statistics-and-information/>
5. Mitchell, J., et al. (2020). "Epidemiology ng ma-tromang spinal cord injury sa New Zealand (2007-2016)." The New Zealand Medical Journal 133(1509): 47-57
6. National Pressure Injury Advisory Panel, & European Pressure Ulcer Advisory Panel. (2019). International NPUAP-EPUAP Pressure Ulcer Classification System na Kinuhang muli sa <http://www.internationalguideline.com/static/pdfs/International.LPU.Classification.2009.pdf>
7. Pan Pacific Pressure Injury Alliance. (2020) (Alyansa sa Pan Pacific para sa Pressure Injury. (2020). Mapagkukunang sistema ng klasipikasyon ng Alyansa sa Pan Pacific para sa Pressure Injury. Kinuhang muli sa <https://pppia.org/resources>
8. European Pressure Ulcer Advisory Panel, National Pressure Injury Advisory Panel, at Alyansa sa Pan Pacific para sa Pressure Injury. Paghadlang at Paggamot ng mga Pressure Ulcer: Patnubay para sa Klinikal na Gawi. The International Guideline (Ang Internasyonal na Patnubay). Emily Haesler (Ed.). EPUAP/NPIAP/PPPIA: 2019. Kinuhang muli sa <http://internationalguideline.com/guideline>

## Mga mapagkukunang pinagbatayan ng pinagkasunduang pahayag

- i. European Pressure Ulcer Advisory Panel, National Pressure Injury Advisory Panel, at Alyansa sa Pan Pacific para sa Pressure Injury, (2019) Paghadlang at paggamot ng mga pressure ulcer/injury: mabilis na sangguniang gabay. E. Haesler (ed). EPUAP/NPIAP/PPPIA. Kinuhang muli sa [www.internationalguideline.com/guideline](http://www.internationalguideline.com/guideline)
- ii. Kruger, E. A., Pires, M., Ngann, Y., Sterling, M., & Rubayi, S. (2013). Masaklaw na pamamahala ng mga pressure ulcer sa spinal cord injury: Kasalukuyang mga konsepto at mga kalakaran sa hinaharap. The Journal of Spinal Cord Medicine, 36(6), 572-585. doi:10.1179/2045772313Y.0000000093
- iii. Korporasyon ng Kompensasyon para sa Aksidente, Komisyon ng Kalidad at Kaligtasan sa New Zealand at Ministri ng Kalusugan. (2017). Mga gabay na patnubay para sa paghadlang at pamamahala ng pressure injury sa New Zealand. Kinuhang muli sa <https://www.acc.co.nz/assets/provider/pressure-injury-prevention-acc7758.pdf>
- iv. Ahensya ng NSW para sa Klinikal na Imobasyon. Toolkit sa pressure injury para sa spinal cord injury at spina bifida. Kinuhang muli sa <https://aci.health.nsw.gov.au/networks/spinal-cord-injury/pi-toolkit>
- v. New Zealand Qualification Authority. (2020). Magpakita ng kaalaman tungkol sa mga pressure injury at pangangalaga ng bahaging may pressure, at panghadlang na pangangalaga. Kinuhang muli sa <https://www.nzqa.govt.nz/nqfdocs/units/pdf/28737.pdf>

---

## Appendix 1

### Mga miyembro ng Lupong Dalubhasa

Ang pahayag na ito ay binuo ng isang multi-disciplinary team ng mga taong may SCI na naninirahan sa komunidad, whānau, tagapag-alaga, at mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan na may kaalaman sa paksa (ang Lupong Dalubhasa) kung saan ang kanilang kadalubhasaan at karanasan ay ginawa silang mga mahahalagang taga-ambag. Ang draft na pahayag ay nirebyu ng mga konsyumer, adbokasyang organisasyon, propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan at mga lupong propesyonal. Ang gawain ay pinangasiwaan ng ACC.

Ang mga miyembro ng Lupong Dalubhasa at ang kani-kanilang organisasyon ay:

PANGALAN	ORGANISASYON
Bob Symon	Kinatawan ng Konsyumer
Denise Hislop	Auckland Spinal Rehabilitation Unit, Counties Manukau District Health Board
Gary Duncan	Royal Australasian College of Surgeons
Jo Nunnerley	Burwood Academy / University of Otago
Kate Gray	Hutt Valley District Health Board
Lee Taniwha	Kinatawan ng konsyumer
Lindsey Cockcroft	Burwood Spinal Unit, Canterbury District Health Board
Pam Mitchell (hanggang Nob 2020) Anj Dickson (mula Peb 2021)	New Zealand Wound Care Society
Pania Tulia	Tagapag-alaga ng whanau
Dr Peter Vincent	Royal New Zealand College of General Practitioners
Prudence Lennox	IDEA Services, IHC Group
Raj Singhal	Canterbury District Health Board



**He Kaupare. He Manaaki.  
He Whakaora.**  
prevention.care.recovery.

[www.acc.co.nz](http://www.acc.co.nz)

0800 101 996